# The Philippine Left: Lessons and Prospects

DR. JESUS LAVA (former member of the Partido Komunista ng Pilipinas / PKP): Magandang hapon sa inyong lahat. Sa mga nababasa ko sa peryodiko ay tila napakaraming tao ang mukhang hindi nagkakaintindihan kung ano ang kahulugan ng "kaliwa", kung ano ang kanyang idelohiya o pananaw. Sa palagay ko, ang kabilang sa kaliwa ay 'yung mga nasa panig ng pagbabago ng lipunan, pangkabuhayan, at pampulitika. Samantalang ang mga nasa kanan ay yung mga naniniwala sa umiiral na sistema ng lipunan, kabuhayan, at pulitika. Wala akong nakikita na posibilidad na magkaroon ng tinatawag na "center". Maaring mayroong mga shades ang kaliwa o ang kanan, pero kailanman ay wala tayong maituturing na center. Kung sakali mang magkakaroon ng center, ito ay isang shared government ng nasa kanan at kaliwa sa isang sapilitang transition form lamang.

Dito sa Pilipinas, nagsimula ang paghangad ng kalayaan noong panahon ng pananakop ng Kastila at humantong ito sa Himagsikan ng 1896. Ipinagpatuloy ang pakikidigmaan laban naman sa bagong mananakop na mga Amerikano noong 1898. Itong paglalaban ay patuloy hanggang ngayon. Sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano, nadagdagan ang pangkaraniwang pakikibaka ng mamayang Pilipino. Nagtatag ng isang partido na ang nilalayon ay hindi lamang na makalaya ang ating bansa sa kuko ng pananakop ng mga dayuhan kung hindi ang makapagtatag ng isang lipunan kung saan ang pang-huhuthot ng tao sa kanyang kapwa ay mawawakasan. Ito ang tinatawag na sosyalismo. Ang komunismo ay isang yugto o pinakamataas na yugto ng sosyalismo. Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay itinatag noong 1930, samantalang ang Partido Sosyalista naman ay itinatag noong 1929. Kapwa ang Partido Komunista at Partido Sosyalista ay naging taliba ng uring pawis. Sila ang nagdadala ng bandila ng anak-pawis para sa kanilang pang-araw-araw na pakikibaka patungo sa kalayaan ng ating bansa at para sa katapusan ng panghuhuthot ng tao sa kanyang kapwa. Yan ang mga layunin ng mga partidong ito.

Noong 1938, nagkaroon ng merger ang dalawang partidong ito. Ang kanyang pakikibaka ay palipat-lipat sa legal at ilegal, parliyamentaryo at sandatahang porma. May mga pagkakataon na magkasabay ang dalawang porma ng pagkilos. Nang sinalakay tayo ng mga Hapon noong 1941, ang naging tungkulin ng lahat ng mga maka-kaliwang kilusan at partido ay ang labanan ang pananakop ng mga militaristang Hapon. Kaya nakapagtatag ng isang sandatahang lakas, ang Hukbalahap, laban sa Hapon.

Matapos ang digmaan, muling nagbalik ang kaliwang lakas sa pamparliyamentong pakikibaka sa mga halalan. Nahalal ang kanyang mga kinatawan, subalit ang binabalak ng mga dayuhang mananakop ay kunin ng kanang kamay ang ibinigay ng kaliwang kamay. Nabigay diumano ang independensiya noong 1946, ngunit ito'y pinawalang bisa sa pamamagitan ng imposisyon ng Free Trade na nilalaman ng Bell Trade Act, Parity Amendment, US Military Bases Agreement, US-RP Military Assistance Pact, at Mutual Defense Treaty. Doon nagsimula ang pag-iiral ng tinatawag nating bagong kolonyalismo. Para mapagtibay ang mga bagay na ito, kinakailangan ng imperyalista at ng kanyang mga instrumento sa ating bansa na ialis o huwag pahintulutang makaboto ang mga nabibilang sa kaliwa, lalo na ang mga kabilang sa Democratic Alliance sapagkat kung kasama ito sa pagboto ay tiyak na hindi makakakuha ng 3/4 vote (na siyang hinihingi ng saligang batas) ang Parity Amendment. Katakot-takot na karahasan ang ginawa sa kaliwa kung kaya't muling lumawak ang mga nabibilang sa kaliwa . Noong 1948 Central Committee meeting, pinagpasyahan na ang pangunahing hugis na pakikibaka ay ang pakikibakang sandatahan, bagamat, hindi itinatakwil ang ibang hugis ng pakikibaka.




Midweek, Oct. 11, 1989

Bahagi na ng kasaysayan ang mga nangyaring ito, maraming pagkakamali ang nagawa, subalit maraming kabayanihan ang ipinamalas ng mga kasamang nagbuwis ng buhay at nag-ukol ng kanilang buong lakas upang panindigan ang tunay na kalayaan sa ating bansa. Noong 1956, pinagpasyahan na ang paglipat muli sa pamparliyamentong pakikibaka sa pamamaraang underground sapagkat noong panahong iyon ay ilegal ang partido. Ngunit sa pagitan ng dalawang pagbabagong ito, ang pagbabago ng sistema ng pakikibaka, nagkaroon ng paghahangad, maging ang pamahalaan at maging ang kilusan, na mapairal ang kapayapaan. Kaya nagkaroon ng dalawang negosasyon, noong 1948 kay Pres. Quirino at 1954 kay Pres. Magsaysay. Sa mga negosasyong iyan, marahil tayo ay kulang sa pag-aaral. Isa sa mga pagkakamaling nagawa sa panahong iyon ay ang pagtaya hindi lamang sa katayuan ng estado ng Pilipinas, kundi ang determinasyon ng Amerika na panatiliin ang kanyang kapangyarihan dito sa ating bansa. Diyan nagsimula halos ang iba't-ibang pagkakamali na ating maituturing. Marahil ang tagumpay ng demokratikong koalisyon laban sa pasismo, laban kay Hitler at ng mga Hapon, na pinangunahan ng Unyong Sobyet at Estados Unidos at pati na ang tagumpay ng himagsikan sa Tsina ng 1949, ay nakahubog ng malaki sa palaisipan ng Imperyalistang Amerikano...(static)

Marahil bunga na rin ng mahigpit na pangangailangan at marahil bunga na rin ng kahinaan ng mga kadre, ay hindi naganap ang (seizure of power). Kaya sa dami ng mga napatay o nahuli o sumurender, hindi matakpan ng mga bagong nakakalap para maging kasama. Kaya nga't sa ilalim ng ganitong kalagayan, nagkaroon ng muling pagsusuri upang makita ang kaangkupan sa ganitong kalagayan ng pagpapatuloy ng sandatahang pakikibaka. Nang implementahin ang pasiyang ito, ang lahat ng mga kadre na nasa bundok ay bumaba sa bayan, nagkalat sa iba't ibang mga sektor -- sa magbubukid, manggagawa, estudyante -- at nagsikap na makalap ito. Itinatag ang iba't-ibang organisasyong legal katulad ng Kabataang Makabayan, Movement for Nationalism, MASAKA, Lapiang Manggagawa, at iba pa. Subalit noong 1968, apat na taon matapos akong mahuli, nagkaroon ng split.

Ang isa sa pinakamalaking aral na nakuha namin sa kasaysayan ng aming pakikibaka ay ang pagtala sa nature ng ating Philippine state. Ito ba ay state ng comprador-big bourgeoisie and big landlords o ito ba ay isang tunay na neocolonial state ng US military-industrial complex? Sino ang kumokontrol ng ating kabuhayan? Sino ang may-kontrol sa army ng Pilipinas? Ang ating bansa ba ay isang demokrasya o diktadura?

Sa aking palagay, simula pa noong 1946, nang muling mapairal ang mga imposisyon ng imperyalista, ay umiiral na ang dictatorship of the US military-industrial complex. Yan ang tunay na diktadura sa ating bansa. Sa meron o walang martial law, napaiiral ang karahasan at ang paniniil sa mamamayan. At kahit ang mga pinaiiral pa ay mga quasi-democratic processes kagaya ng eleksyon, hindi nangangahulugan na walang diktaturya ang US military-industrial complex. At kahit sino man ang maging presidente ay hindi siyang nagpapasya sa mga patakaran sa repression, violence at iba




pa, kung hindi ang imperyalista. Kahit sa pakikipagusap ukol sa kapayapaan, ang pangunahing nagpapasya ay ang imperyalista. Gumagamit sila ng divide and rule tactic para sugpuin ng hukbong sandatahan ang mga naghahangad ng kalayaan. Gumagamit na rin sila ng vigilantes para lalong mahati ang mga Pilipino.

**MR. CASTO ALEJANDRINO** (former Supremo of the Hukbong Magpapalaya sa Bayan / HMB): Sisikapin kong sagutin ang tatlong katanungan na nabanggit sa imbitasyon: kung ano ang mga alternative solutions sa panlipunang suliranin; kung ano ang proper balance between armed struggle at parliamentary struggle; at kung ano ang chances ng isang united progressive movement.

Ang pangunahing problemang panlipunan ay ang mass poverty. Maaalis natin ito kapag tayo ay developed at nakakapaglikha ng trabaho para sa mga tao sa pamamagitan ng pagtayo ng mga industriya. Kaya nating umunlad kahit walang tulong o loan mula sa mga dayuhan. Tayo ang gagawa ng sariling tugtog at sila ang dapat sumayaw.

Doon naman sa issue ng correct balance ng armed struggle at parliamentary struggle, sa tingin ko walang solusyon diyan. Sapagkat merong dadating na sasabihin ganito ang dapat na balanse. Kapag nagtagumpay siya, sasabihing genius siya. Pero, kapag nabigo siya, adventurist naman siya. Ito ang nangyari kay Che Guevara. Sa Cuba, genius siya. Sa Bolivia, adventurist siya.

Ang mga kabataan ay dapat sana mapa-interes natin sa mga usaping ganito. At dapat matuto tayo kung papaano magsalita ng Filipino.

**MS. ETTA ROSALES** (Bagong Alyansang Makabayan / BAYAN): Mahalagang talakayin ang left movement sa kasalukuyan sapagkat may mga tampok na problema na umiiral hindi lamang sa underground left kung hindi pati na rin sa parliamentary left.

May ilang mga katanungan ang nabanggit sa imbitasyon. Isa rito ay kung tayo ba ay nagbibigay diin sa parliamentary struggle at kung tayo ay may capacity para i-mobilize ang forces para dito or should we rely on the armed struggle to win the basic changes that we aspire for? Sisikapin kong i-project ang position ng BAYAN tungkol dito.

Ang BAYAN ay nilikha noong 1985 at the time when, in the aftermath of the Aquino assassination, the perfumed people of Makati joined the parliament of the streets at talagang sumibol noon ang kilusang protesta. The concept behind BAYAN was to bring together nationalist and democratic forces – yung naniniwala na ang kalayaan ay hindi matatamo kung hindi natin mapalaya ang ating bayan sa hawak ng dayuhang kapital. Itong ganitong puwersa ay makikipag-unite sa mga sinasabing liberal democratic forces or those who believe, economically maybe, in petty commodity production, and, politically, in individual rights and civil liberties.

Subalit dahil sa premature understanding ng united front work, nag-split ang BAYAN. What has remained now is a BAYAN that is essentially an open National Democratic Center. It took on the issues of the bases and foreign domination, etc. From 1985 to 1986, BAYAN was able to contribute to the protest movement through its militant forms of struggle and major political mobilizations such as the coordinated welgang bayan in Bataan, Davao and Naga. BAYAN contributed to the overall effort sa pag-address ng basic structural changes in the sense that the Edsa upheaval was a combination of a lot of forces including BAYAN. It could not have taken place without the 14 years of repression under Marcos where certain political forces played the major role. At the time when we did not have any open organization that could rally, lobby, and do diplomatic work, the only group that undertook these tasks was the underground National Democratic Front. I think that to their credit, they contributed a lot in terms of being able to at least create the political climate that eventually gave strength to the workers and students. As I see it, the open mass movement contributed to the Edsa upheaval for it was only possible because of the conditions that were created by the major political forces that operated underground at that time and, of course, these were the NDF, NPA and the MNLF, etc.,By 1986, of course, BAYAN was marginalized because it boycotted the elections, but that is history.

As to the question of whether we should give more focus on the parliamentary forms or rely on armed struggle to attain victory, I do not suppose BAYAN is in a position to answer this question in any way. All that we can say is that in our own experience, the armed struggle of the NPA or MNLF contributed to the political climate that finally gave us the courage to march in Mendiola and then in Edsa. Also, BAYAN is a legal group. We do not carry arms but our parliamentary struggle takes various forms. To us, the principal form within the range of parliamentary struggle is the parliament of the streets. These are the strikes, marches, etc.. These forms are the most important because they concretize people's empowerment, tempering the people and making them draw political experience from the exercise. And when different political tendencies ang nagsasamahan, nawawala ang mistrust. Now, if you ask me what I think about armed struggle, I can say that, based on experience, armed struggle is relevant, especially during those dark years under Marcos when legal struggles were banned. Also, there have been no changes in the structural relations (economic and political) so that there is no reason for those people who have opted to use arms to decide to give that up. All these mean that I respect the people who have opted for the other form of struggle, considering that my political condition is so far removed from their own. I'm talking here about people in communities that are constantly bombed because of the government's "total war" policy.

The experiences of people in other countries also bear out my position on armed struggle. You have the Fretilin in East Timor, the Kanaks in French Caledonia, the National Democratic Front in Burma, the NTTE in Sri Lanka and India, the FMLN in El Salvador, and the other liberation movements in Asia-Pacific, Latin America, and Africa. I think we should study these other Third World struggles to enrich our own understanding of how we should look at forms of struggle. It is also important to study existing socialist countries, especially the problems they are facing. We can also study the peace movements in the West.

On the question of how Bayan views 1992, I can say that BAYAN is open to electoral struggles at all times. This is because elections form part of the Filipino culture. To the extent that it can advance the people's movement, elections should be used as a form of struggle. Pero iba na 'yung question ng tactical alliances, like whether BAYAN should field congressional candidates or a presidential candidate. This question shall be addressed at the proper time. Our decision will be determined by what the conditions are, how the national democratic interests of the people will be served and how the popular movement shall be advanced.

Under Marcos, it was easy to mobilize people because of the polarized situation. But now we have some sort of a depolarized situation. There are some good and honest people in government through whom mass organizations are able to establish links with Congress. I think this is one area of parliamentary struggle that should be developed because, by working with people from Congress, we can reach the unorganized sections of the population. We must also develop the diplomatic and international arena of our struggle. Well-meaning solidarity workers today somehow want us to give Aquino a chance. But an increasing number of them are becoming aware of the fact that behind all these is the US.

**PROF. ED TADEM** (UP Manila): Sa hapong ito, nagkita-kita ang tatlo o apat na generations na nakibaka sa iba't-ibang aspeto at larangan ng kasaysayan ng kaliwa sa Pilipinas. Inasahan ko na magkaroon tayo ng varied na kuro-kuro, subalit napansin ko na pare-pareho naman ang mga main convictions at prinsipyo na pinalabas. May mga nabanggit, halimbawa, si Dr. Jesus Lava tungkol sa split ng partido noong 1968 at si Etta Rosales tungkol sa 1985 BAYAN experiment. Meron ding sinabi si Satur (ed. note: please refer to the Document Section of this issue; Satur Ocampo's contribution to this symposium was read by Prof. Armando Malay) na mga errors at revisions ng underground revolutionary movement pero kulang ito sa detalye. Nais kong itanong ngayon ang laman ng mga nabanggit na ito. Halimbawa, kay Dr. Lava, ano ho ba sa tingin ninyo ang mga dahilan kung bakit nagkaroon ng split sa loob ng PKP noong 1968? Kay Etta naman, gusto ko sanang itanong kung bakit ang BAYAN, na ang original concept nito ay isang broad coalition ng mga progresibo at makabayang indibidwal at grupo, ay naging isang National Democratic Center lamang sa kahuli-hulihang bahagi. Sa general analysis ng mga splits ng left movement sa buong mundo, ito ang dalawang dahilan na na-identify: sectaryanismo o ang paniniwala ng isang grupo na sila lamang ang tama at ang iba ay mali, at dogmatismo o ang pag-iisip na ang mga prinsipyo na nabuo sa isang yugto ng kasaysayan ay hindi pwedeng magbago kahit nagbago na ang sitwasyon. Gusto ko ngayong itanong sa ating mga tagapagsalita kung ang sectaryanismo o dogmatismo ay naging dahilan ng mga splits.

Nais ko rin itanong kung bakit, sa kabila ng malugod na pagtanggap ng publiko sa mga prinsipyong progresibo, ang general impression pa rin sa kaliwa ay negative. Ang usual answer dito ay dahil malakas ang propaganda machinery ng pamahalaan. Pero baka meron pang ibang dahilan or factors na internal sa kaliwa. Baka contributory factor ang pamamalakad o pakikitungo sa ibang tao (kapwa progresibo o hindi) ng kaliwa.

Ang huli kong tanong ay kung ano ang impact sa kaliwa ng mga pagbabago sa Unyong Sobyet, Poland, at Hungary.

**MR. CHITO GASCON** (UP student): Nailuklok ang isang pamahalaan na sinuportahan ng malawakang pag-aaklas ng mamamayan at ngayo'y hindi na tumutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng sambayanan. Ano-ano ang dapat gampanan na mga gawain ng mga iba't ibang pampulitikang puwersa dito para maintindihan ang mga limitasyon at posibilidad dito? Dito papasok ang tanong kung ano ang anyo ng estado at, consequently, ng pakikibaka. Hindi ko ganap na naiintindihan mula kay Dr. Lava kung ano sa tingin niya ang pangunahing uri o anyo ng pakikibaka na kinakailangang isagawa sa kasalukuyan. Gusto kong malaman ito sapagkat sabi nga niya, batay sa kanilang karanasan ay nagbago-bago at nagpalit- palit ang kanilang posisyon sa usapin ng anyo ng pakikibaka. Ano ang mga batayan para magpasiya sa uri ng pakikibaka na isasagawa lalo na sa kasalukuyang kalagayan? Mahalaga ang usaping anyo ng pakikibaka at ang batayan ng pagpapalit nito. Naibahagi na rin ng liham ni Satur Ocampo na mayroong pagkakataon na makilahok ang national democratic front sa proseso ng pagbabalik sa kapayapaan at tinitingnan namin sa Demokratikong Sosyalistang Koalisyon (DSK) na mahalaga itong ambag sa pag-aayos ng malawakang pagkaka- isa ng puwersang kaliwa yung pagbalik nila o pakikilahok sa proseso ng pagkamit ng kapayapaan. Kailangan ding linawin dito ang posisyon the NDF kaugnay sa "total war" policy ng rehimeng Aquino. Itong posisyon na naibahagi ukol halimbawa sa base militar ay isa bang bahagi ng kabuuang programa para sa kapayapaan kaugnay ng pamahalaan ng isang comprehensive at negotiated political settlement? Dito may pangamba ang mga ilang grupo sa DSK. Papaano maisasagawa itong pagbalik sa proseso ng pag-uusap-usap at pagkamit ng kapayapaan habang nananatili ang polarisasyon ng puwersa ng kanan at ng puwersa ng mga armadong grupo sa kaliwa? Nais naming mabigyang linaw din ang mga naganap sa mga nakaraang mga buwan at taon na mga militaristang taktika na isinasagawa ng NDF. Ito ba ay nakakatulong sa pagkakamit ng kapayapaan? Nais ko ring bigyan ng pansin ang naibahagi ni Etta at ni Satur ukol sa pagkilala sa pluralismo ng iba't ibang mga grupo sa puwersa ng kaliwa. Importante itong recognition ng pluralism ng mainstream ND organizations, sa legal or underground, sa iba pang pampulitikang puwersa. Ito ay manifestation ng pagbabago ng patakaran sa united front at tinitingnan ko na ang mga ito ay makakatulong sa pagbuo ng isang malawakang pagkakaisa.

Kailangan ding ipaliwanag kung ano ang mga kinakailangang gamiting mga proyekto o eksperimento ng kaliwa para magkamit ng malawakang pagkakaisa. Gaya ng sinabi ni Satur, nasimulan na siguro itong proseso sa mga issue-based sectoral coalitions. Ngunit, kaya bang gampanan ng mga pampulitikang organisasyon ang tungkulin na mag-buo ng malawakang pag-

kakaisa ng mga pampulitikang puwersa hindi lamang sa antas ng mga isyu at sektoral na interes kung hindi sa antas na rin ng pampulitikang pagkakaisa sa loob ng isang pampulitikang programa? Ang nakikita kong malaking hadlang dito ay yung naibahagi kong punto sa una, na yung pagkakaroon ng komprehensibong pagsusuri ng anyo ng estado. Subalit ako naman ay optimistic na sa pamamagitan ng ganitong pag-uusap ay unti-unti nating maaayos ang pagkakaroon ng consensus dito. Ang kinakailangang kilalanin ng mga grupo na makikilahok sa proseso na ito ay ang lakas at kontribusyon ng mga grupo na ito maliban sa kanila. Gaya ng ibinahagi ni Ed, kailangang iwasan ang tendency ng sektaryanismo sapagkat bahagi ito ng kasaysayan ng kaliwa. Ang pangunahing aral na makukuha natin sa kasaysayan ng kaliwa ay ang pangangailangan ng isang panibagong patakaran sa united front.

Importante din na linawin ang role ng parliyamentaryo at elektoral struggles. Ano sa pagtingin ng pangunahing grupo ng kaliwa ang kontribusyon ng pakikibakang elektoral sa panahong ito? Nakikita natin na naghahanda na ang mga puwersang reaksyonaryo at elitista para sa usapin ng pagbubuo at paghahanda ng kanilang mga makinarya para sa pagkilos nila sa elektoral, na tinitingnan na nila ang lahat na mga dapat gawin at gampanan para sa pag-agaw nila ng kapangyarihan. Ang napapansin ko sa puwersa ng kaliwa ay iilan lang ang nag-aaral ng aspetong ito. Gusto kong makita kung ano ang naging karanasan ng kaliwa, halimbawa ng Democratic Alliance noon 1946, sa aspetong ito. Mayroon bang tulong ang mga karanasan na ito sa usaping electoral struggle para sa mga susunod na pagkilos dito? Sangayon ako sa sinabi ni Ed na kung ang mga puwersa ng kaliwa ay talagang may hangaring magbigay ng malinaw na alternatibo sa sambayanan kailangan ding pag-isipan ang hugis at anyo ng pamahalaan na hahawakan nito. Mukhang malinaw ang posisyon ng NDF. Ako naman, tinitingnan ko na posibleng magbago ang ganitong pananaw lalo na't higit na posibleng magkaroon ng malawakang pagkakaisa sa ilang mga isyu na nailahad, halimbawa sa base militar.

*Discussion*

*Question*: Is it true that the PKP cut a deal with Marcos in exchange for the revision, by presidential decree, of the meaning of a subversive organization under the anti-subversion act?

**DR. JESUS LAVA**: Kami ni Mr. Alejandrino ay nakakulong noong panahong iyon. Hindi kami isinama..kahit hindi pa..I would rather not encourage and intensify hostility and misunderstanding.

*Question*: I have the following questions for Dr. Lava: First, why are you no longer with the PKP? And second, to what extent is there a struggle within the PKP between those who want an honest assessment of its past and those who want the past forgotten?

**DR. JESUS LAVA**: Those in the party are in a better position to answer your second question. As to your first question, matagal na akong nag-presenta ng resignation ko sa party. Sa aking palagay, mas magiging effective ako na "retired" dahil makakahalubilo ko na ang lahat ng shades ng left movement.

*Question*: I have two questions for Prof. Malay. Will the Communist Party of the Philippines, if legalized, abandon its armed struggle? In his letter, Satur mentioned the willingness of the NDF to accept a total ceasefire if the US bases are removed. Does this mean that, in such an eventuality, the NDF will abandon its armed struggle?

**PROF. ARMANDO MALAY JR.** (UP Asian Center): The CPP will not accept legalization, considering the temper of those who enter the party. These activists who join the armed struggle know what they are doing. The question of legalization is no longer discussed in the party except, perhaps, by one sector which, nevertheless, has not opted to form a counter-party.

If Aquino commits her government to the non-renewal of the bases agreement, the NDF will declare a unilateral ceasefire. This does not mean, however, that they will lay down their arms and surrender. They will keep their arms but will not fire them.

**PROF. ALEXANDER MAGNO** (UP Political Science Department): A point of clarification: Batay sa P.D. 885, hindi naman ilegal ang maging komunista o magkaroon ng isang partido komunista.

Ang ilegal ay yung act of rebellion. Ang mas substantial na usapan ay kung maari bang magkaroon ng comprehensive political settlement.

**MS. ETTA ROSALES**: I shall answer all the questions raised earlier. Ed asked why BAYAN split. My personal view is that there was a lot of mistrust among the different political tendencies that tried to put BAYAN together. What could have contributed to this mistrust could have been the thinking that, well, pinakamalaki tayo kaya dapat tayo yung mas nagpapasiya. The question of consensus among the different political tendencies was not clear to the point that even the regional representatives felt that they were being marginalized, that they were being deprived of their voice. I could cite a particular experience. During the negotiations, there was a temporary list of who could be elected as the national leaders or individual leaders in the council. Lean Alejandro and I were part of the negotiations. At that time, there was shyness on our part because we felt that the sectors (the youth and students, teachers, workers, peasants, etc.), who were the ones able to launch nationally-coordinated mass actions, should be included in the list. But then we were the ones who were negotiating with the other political tendencies and we did not have the heart to say that we hoped to be part of that list. Of course, Lando Olalia (KMU, deceased) was in the list. In the end, however, we felt that the sectors should be there, not particularly Lean and I. One thing led to another and our names were included in the list. This caused a lot of ill- feeling because all the while wala naman yung pangalan namin, bakit naman ilalagay in the end. From this experience, one can see how differently each group viewed the united front. The regional representatives felt that they were not properly represented while sa tingin namin naman dapat mas represented ang sectoral leadership. The other smaller political tendencies also felt that the bigger forces, meaning us, used some bullying tactics. They felt that it was important to expand BAYAN beyond CORD. We did not get our act together, though, and BAYAN split.

From that split, I learned a lot of lessons. Consensus is a given in broad coalitions. It helps a lot in sustaining present coalition efforts based on sectoral issues and even class-based coalitions such as CPAR and LACC. Ang mga karanasan nitong broad sectoral coalitions ay nag-facilitate ng coming together on a multi-sectoral basis of BISIG, BAYAN, CONFREEDEM and what have you. Halimbawa nito ay ang NMCL, FDC, etc.,We have actually gone a long way since BAYAN.

As to whether sectarianism or dogmatism had something to do with the split, I can say that sectarian tendencies were more evident. Dogmatism, as I take the term to mean the inability to sum up experiences so that such concepts or lessons arrived at can be used for guidance, cannot be the correct term to describe the cause of the split.

I agree with Chito that we ought to assert democratic pluralism in the coalition process. The fact that we realize that we cannot do it alone underscores the importance of the principle. Also in the name of democratic pluralism, we must assert the left agenda -- the agenda of the basic masses -- which the current wielders of political and economic power are ignoring.

Another question was raised as to what the negative images of the Left not produced by propaganda are. This compels us to look not at the external factors of whatever bad image that the left has but into ourselves. Maybe we are not speaking the language of the people. Maybe we are talking above their heads. Our programs, as we have delivered them to the people in more ways than one, convey general principles that may be abstract as far as the ordinary Filipino is concerned. I believe what is necessary is for us to flesh out our program, get rid of the labels, and strengthen our arguments. It may even come out that the economic alternatives of BISIG, DSK, or BAYAN have a lot in common and that the only thing to do is for us to concretize them. To cite an example, I met some peasants from KMP today who said that, tactically, even CARP (siyempre as far as CPAR is concerned bankrupt ito) contains certain points na pwede mong gamitin. (Katulad ito ng paggamit ng LACC ng Labor Code.) These peasants were thinking of a socialized wage system in DOLE Pineapple kung saan hihingi sila sa gobyerno ng 10-year moratorium sa pagbayad ng renta, ang DOLE ang magbabayad sa kanila. Itatayo nila yung sariling cooperatiba at yung accumulated capital ay gagamitin nila sa pagtayo ng isang integrated community na may clinic, ospital, eskwelahan, etc. I find this a very interesting undertaking dahil dapat pinag-uusapan ng people's organizations ang socio-economic infrastructure para mag-last ito kung tayo ay naniniwala sa legal struggle at ng open mass movement. Importante din ito batay sa karanasan ng ibang bansa. Ang mga samahan na tinatayo natin ngayon ay may built-in strength at infrastructure na pangmatagalang magagamit para makakilos ang ating mga samahan. In other words, the legal struggle is important.

This brings me to the two points raised by Chito on the present efforts in coalition building based not only on specific issues, but also on political unity or a definite political program and on the importance of electoral struggles. Of course, coalition politics should be based on a deep analysis of the nature of the state. I think if we come to an understanding of the nature of the state, we can build a political program beyond the issue- based coalitions and alliances that we have now. This kind of vision can be enriched kung may militanteng pagkilos. We need to assert peoples' power now. In the past few months, we saw teachers, government employees, students, workers, and peasants intervene into the national agenda at natuliro ang ilang mga opisyal sa gobyerno. Coalition politics should, therefore, include militant struggle so that economic struggles could be translated into political mobilizations and struggles. And these struggles include the electoral form. I think we should take electoral struggles more seriously despite the fact that we have an oligarchy in control of the electoral machinery. Why? I always say that the Aquino government is different from the Marcos dictatorship. The agenda of the Aquino government extends the agenda that Marcos could no longer pursue without incurring the wrath of the people. But there are differences between the two and these should be taken seriously. The formal democratic institutions that were set up should be used to our advantage. As to whether this means fielding presidential or congressional candidates, my personal bias has always been yung local where we have more access and maneuverability. Pero pag-uusapan pa ito.

**DR. JESUS LAVA**: Batay sa experience namin, may maibabahagi kami na mga adverse images ng left na created by internal factors. Halimbawa ang natambangan si Donya Aurora. Labag sa patakaran yan. Hanggang sa nakuha ko, ninakaw ang mga alahas. Labag din sa patakaran yan. Isa pang halimbawa ay ang "united front pilit" kung saan hihingi kami ng abuloy sa mga kasama namin at hindi purely voluntary. Mas masama pa dahil nag-surrender si Taruc na hindi naman komunista at nagsabi ng lahat ng kasinungalingan ukol sa kilusan.

Nabanggit ni Etta itong mga mass actions. Ito na rin ang sinasabi ko na mga isyu at pagkilos na makakapagtulak sa pamahalaan upang magbago ang kanilang mga patakaran. Ito ay mga "partial victories". Kapag na-terminate ang bases agreement at ang military assistance agreement, hindi ibig sabihin na nalagot na ang imperyalismo. Subalit nangangahulugang ito ay nanghihina.

*Question*: Is it true that, before his arrest, Satur Ocampo was acting as a bridge between the NDF and the Aquino government?

**PROF. ARMANDO MALAY JR.**: I am not in the position to answer your question.

*Question*: How possible is the setting-up of a dialogue among the different tendencies in the left?

**DR. JESUS LAVA**: Very possible. I have here a draft program of the NDF sent to me by Jalandoni for comments. Apparently, they are willing to talk. The important thing is that the left has realized that disunity only benefits the US. Everyone is willing to talk. They may not agree on all the points but pwedeng mag-tulong-tulong sa mga bagay na pinagkakasunduan at huwag magpakialaman doon sa mga bagay na hindi pinagkasunduan.

*Comment*: In the united front work being undertaken by the left, I think it is important to consider the following factors: first, the growing nationalism of the Filipino people; and second, the failure of the Aquino goverment to sustain the current level of growth, thus putting pressure on the different social forces to come up with alternatives. Given these factors, I believe that the left has much to contribute to the growing nationalism of the people and that they must come together with the nationalists.

*Question*: Bakit ba ang BISIG at DSK ay reactors lamang? Hindi n'yo ba tinuturing ang sarili ninyo na kaliwa?

**PROF. ED TADEM**: Nandito ako bilang representative ng academe although hindi ako nagkakaila na kasapi ako ng BISIG. Pwede din ninyong ituring ang mga sinabi ko dito na posisyon din ng BISIG.

**PROF. RANDOLF S. DAVID** (Third World Studies Center): Ang intention namin ay ang mapakinggan ang mga kasama natin sa kaliwa na nakibaka noong mga unang panahon at nagpatuloy sa kanilang pakikibaka hanggang ngayon. Sila ay ang mga main speakers ngayon, at kasama dito ang NDF. Ang BISIG, tinuturing ang sarili niyang kaliwa. Ang ibang mga sektor lamang ang nagsasabi, katulad noong si Martinez (Martinez ba ang pangalan noong spokesman ng CPP?), na ang BISIG daw ay quasi-left. Hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin ng quasi-left. Pero ang ganitong pabansag-bansag ang nakakasira sa pagkakaisa ng kaliwa. Ako ay sangayon doon sa sinabi ni Dr. Lava na sa katunayan ay wala naman talagang sentro. Dalawa lang talaga: yung para sa pagbabago o kaliwa at yung hindi para sa pagbabago o kanan. Sa mga pagpapahayag ng BISIG sa iba't- ibang isyu, hindi na kailangang itanong kung ang BISIG ba ay para ba sa pagbabago o hindi.

**MR. CHITO GASCON**: Ang pagturing namin sa aming tradisyon, ang DSK, ay tradisyon ng kaliwa. Kami ay mga sosyalistang nakikibaka para sa kaganapan ng pagbabago laban sa mga problemang umiiral sa lipunan sa kasalukuyan at nakaugat sa patuloy na kontrol ng mga dayuhan at ng mga elitistang puwersa sa lipunan natin. Malinaw sa amin ang proseso ng pagkamit ng pagbabago at kami ay kumikilos kasama ng iba pang mapagpalaya at demokratikong puwersa. Para sa mas maayos na pakikipag-ugnayan ng iba't-ibang puwersa ng kaliwa, malaki ang aming panawagan na iwasan ang sektaryanismo at subukan ang iba't-ibang pamamaraan ng demokratikong pagkilos. Ang pagkilos para sa sosyalismo ay pagkilos para sa demokrasya.

**MR. CASTO ALEJANDRINO**: Ang mas mahalagang isyu na dapat ay tinatalakay natin dito ay ang problema ng Third World. Subalit walang alternative solution ang nabanggit ukol dito. Mahalaga rin ang usapin ng proper balance ng armed struggle at parliamentary struggle. Subalit itong usapin ay walang katapusan. Yung result lang ang mag-so-solve nito. Mayroong dalawang teorya ng pagbabago. Ang isa ay nagsasabing "strike while the iron is hot". Yung pangalawa ay nagsasabing "make the iron hot by striking". May suspetsa akong sa bahagi ng ating revolutionary element, merong nagtataglay ng pangalawang teorya.

**DEAN ARMANDO MALAY, SR.** (former UP Dean of Students): Meron lamang akong ikukuwento tungkol sa pinag-uusapan natin dito. Noong first quarter storm, Dean of Students ako. Nagkakagulo ang mga estudyante at pirmi ko silang tinatawag. Ang sabi ko, "Pwede ba tayong mag-dialogue?". Ang sabi naman ng mga estudyante, "Sir, gumagawa kami ng molotov cocktail, saka na yang dialogue!". Totoo nga naman. Kaya walang dialogue pero nakagawa sila ng molotov cocktail at naipagtagumpay nila ang kanilang ipinaglaban. Ang dialogue siguro okey lamang kung wala tayong magawa.